

Mga Hakbang Upang Maiwasan ang biglaang Paglawak ng Covid 7th Wave (Buod)

Napagpasyahan : 2022 Hulyo 15
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Kasalukuyan tayong nasa gitna “7th Wave” ng covid. Bunsod ito ng napakabilis na pag-infect ng Omicron strain na “BA.5 strain” at ng paghina ng epekto ng 3rd dose ng vaccine. Ang impeksyon ay mabilis na kumakalat lampas pa sa 6th Wave.

Ang Omicron strains ay karaniwang may low risk magdulot ng malubhang sakit, ngunit ang BA.5 strain ay sinasabing medyo madaling nagdulot ng malubhang sakit. May pag-aalala na mahihirapan tayo magpatuloy sa hinaharap kung ang impeksyon ay dumami ng sobra pa sa nangyari noong 6th Wave at maka-apekto sa iba’t ibang sector ng lipunan at ekonomiya tulad ng paggambala sa activities ng kumpanya o paaralan, at mahihirapan ang bawat tao ipagpatuloy ang kanilang mga aktibidad na karaniwan ginagawa tuwing mahabang summer vacation.

Upang maiwasan ang ganitong sitwasyon, ang Prepektura ay magsasagawa ng mga hakbang batay sa tatlong haligi: "thorough measures to prevent and control infection", "pagpapalakas ng inspection system / measures sa bawat pasilidad", at "pagpapabilis ng pagunsad sa vaccination". Bilang karagdagan, depende sa sitwasyon ng impeksyon sa hinaharap, flexible kaming magsasagawa ng mga karagdagang pagpapalakas ng measures, kabilang dito ang mga requests para sa behavioral restrictions.

“Thorough Measures para maiwasan at ma-control ang Impeksyon”

- Ugaliin gawin ang basic infection preventive measures tulad ng tamang pagsuot ng mask, hand hygiene, maayos na bentilasyon, mahigpit na pag-iwas sa mataong lugar, at pangangasiwa ng physical condition.
- Mag-ingat din ng husto ang mga kabataan at working- age group dahil kapag na-infect ng covid, may risk na makahawa sa inyong pamilya at katrabaho. May risk din na magkaroon ng tinatawag na “post-covid condition”.
- Sa pagsalu-salo, maging conscious sa tamang paggamit ng mask (tahimik na kumain at magsuot ng mask habang nag-uusap). Sa salu-salo, gamitin na gabay ang “maximum ng 4 katao sa isang table para sa parehong grupo sa loob ng 2 oras”.